

## Kalap-suri sa mga Piling Ritwal Oslobanon

Mark Arnold L. Langahid, MA<sup>1</sup>; Trina Marie A. Catipay, DA<sup>2</sup>

Sacred Heart School - Ateneo de Cebu<sup>1</sup>, Cebu Normal University<sup>2</sup>  
markarnoldlangahid@gmail.com<sup>1</sup>, tmcatipay@gmail.com<sup>2</sup>

Asia Pacific Journal of  
Management and  
Sustainable Development  
Vol. 10, No. 3, pp. 1-8  
September 2022  
Lumina Special Issue  
ISSN 2782-8557 (Print)

*Date Received: November 15, 2021; Date Revised: January 26, 2022*

**Abstract** - *This study examines selected Oslobanon rituals that reflect Oslob's cultural identity. It aims to answer the following: themes, beliefs, and impact of living in selected Oslobanon rituals. This study used content analysis with the help of interviewing adults aged sixty-years (60) and above. From the data obtained and the thorough analysis and interpretation, it was found that there were four theme categories that emerged in the selected rituals. This is - religion, appreciation, bayanihan, and livelihood. After reviewing the themes, the beliefs believed in selected Oslobanon rituals were also presented. Many beliefs have emerged and based on the analysis, they fall into two categories- supernatural beliefs and religious beliefs. These selected rituals have an effect on the lives of Oslobanons and based on interpretation, there are five categories of these effects. These are - cooperation and unity, fellowship and human relations, financial livelihood, faith and godliness, and superstition.*

**Keywords:** *impact on lifestyle, religious beliefs, selected Oslobanon rituals, supernatural beliefs, theme*

**Abstrak** – Ang pag-aaral na ito ay sumusuri sa mga Piling Ritwal Oslobanon na sumasalamin sa pagkakakilanlan ng kultura ng Oslob. Layunin nito na mabigyang kasagutan ang sumusunod: tema, paniniwala, at epekto ng pamumuhay ng mga piling ritwal Oslobanon. Ang pag-aaral na ito ay ginagamitan ng *content analisis* sa tulong ng pakikipanayam sa matatanda na may animnapung taong gulang (60) pataas. Mula sa mga datos na nakuha at sa masusing pag-aanalisa at pagbibigay interpretasyon, napag-alaman na may apat na categoryang tema na lumitaw sa mga piling ritwal. Ito ay ang - *relihiyon, pagpapahalaga, bayanihan, at paghahanap-buhay*. Pagkatapos masuri ang mga tema ay inilahad din ang mga paniniwalang pinaniniwalaan sa piling ritwal ng Oslobanon. Maraming paniniwala ang lumitaw at batay sa pagsusuri, napabilang ito sa dalawang categorya- *paniniwalang supernatural at paniniwalang panrelihiyon*. Ang mga piling ritwal na ito ay may naidudulot o epekto nito sa buhay ng mga Oslobanon at batay sa interpretasyon, may limang categoryang napabilang ang mga epektong ito. Ito ang – *pagtutulungan at pagkakaisa, pakikisama at pakikipagkapwa-tao, pangkabuhayang pampinansyal, pananampalataya at pagiging maka-Diyos, at mapaniwalain sa mga pamahin at palihi*.

**Mga susing salita** – *epekto sa pamumuhay, paniniwalang panrelihiyon, paniniwalang supernatural, piling ritwal Oslobanon, tema*

### PANIMULA

Ang Lungsod Oslob ay kilala sa mga magagandang atraksyon tulad ng butanding at ang talon ng Tumalog. Matatagpuan ang lungsod na ito sa bahaging Timog ng probinsiya ng Cebu na binibisita ng mga turistang lokal at internasyonal. Naging pugad ang lungsod ng mga Espanyol sa panahon ng pananakop at ilang bahagi ng lungsod ay kakikitaan pa ng mga makasaysayang mga estruktura gaya ng mga lumang kuwartel. Ang lungsod ay hindi lamang sikat at tanyag sa kanilang magagandang tanawin, ngunit kakikitaan din ng mga makulay na tradisyon, paniniwala, at kultura na naging dahilan sa pagiging

katangi-tangi nito. Maraming mga paniniwala, kaugalian at tradisyon ang Oslob na ipinagmamalaki ng mga Oslobanon na naging bahagi ng pagkakakilanlan ng lungsod lalo na sa mga pagpapahalaga ng iba't ibang mga ritwal at pagdiriwang. Karamihan sa mga ritwal at pagdiriwang na ito ay sumasalamin sa pagkakaisa ng mga Oslobanon na naging pamana mula noon hanggang ngayon. Sa patuloy na pag-unlad ng turismo at pamumuhay ng mga Oslobanon ay unti-unti ring nawawala ang mga ritwal na ito at naimpluwensiyahan na ito ng mga makabago at kanluraning pamamaraan. Kaya nabuo ang

pananaliksik na ito upang balikan, pahalagahan, ipreserba, at pagyamanin pa ang mga ritwal na ito.

Mahalagang pag-aralan, pahalagahan, at pagyamanin ang mga ritwal at pagdiriwang na ito sapagkat ito ay bahagi ng kultura at nagbibigay ng pagkakakilanlan sa nasabing lungsod. Ang pagpreserba at pagmamahal sa kultura ay nararapat na patatagin upang mapanatili ang tatak ng pagiging isang Pilipino. Ang pagpapahalaga ng mga ritwal at kulturang ito ay pinoprotektahan ng RA No. 10066 na tinatawag na *National Cultural Act of 2009*. Isinasaad sa batas na ito na sinusupportahan ng pamahalaan ang pagpapahalaga, pagpapalinang at pagbabago ng kulturang Pilipino na sumasalamin sa pagkakaisa, pagkamalikhain at pagpapahayag ng pangkaisipang ekspresyon.

Iba-iba ang mga ritwal ayon sa kinabibilangang komunidad at tribo ng bansa. Makikita pa rin ang mga pagdiriwang at mga ritwal sa kasalukuyan lalo na sa probinsiya ng Cebu. Ipinaliwanag ni Joaquin (2004), na may kinalaman ang kasaysayan sa pagbuo ng kultura sa kasalukuyan [1]. Naapektuhan ang kultura sa anumang pangyayari sa kasaysayan. Pinatunayan ito ni Gerschwiler (2009), na,

*“Many of our customs and traditions have pre-colonial roots albeit transformed during the process of Christianization into procedures compatible with Roman Catholic faiths and beliefs.”* [2]

Hangarin ng pananaliksik na ito na mapreserba ang mga ritwal at pagdiriwang ng lungsod ng Oslob upang mapahalagahan at mapagyaman pa sa susunod na mga henerasyon. Layunin din nitong makapagbigay kaalaman at kamalayan sa mga ritwal na naging bahagi ng kulturang Oslobanon na sa kasalukuyan ay unti-unting nabubura dahil sa modernisasyon at impluwensyang kanluranin.

Ang pananaliksik na ito ay naglalahad ng mga natatanging piling ritwal sa mga pagdiriwang ng Oslobanon na sumasalamin sa pagkakakilanlan ng lungsod. Ipinapakita sa pananaliksik na ito ang mga *tema, paniniwala* at *epekto sa pamumuhay*. Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, makatutulong ito sa lokal na pamahalaan upang makagawa ng iba't ibang hakbangin o proyekto sa pagpapayaman at pagpapahalaga ng mga ritwal at pagdiriwang. Makatutulong din ito sa iba pang mananaliksik na pag-aralan pa ang mga nakatagong kulturang Cebuano na makapagbibigay karangalan at pang-unawa sa sariling pagkakakilanlan.

Bibigyang-tuon sa pananaliksik na ito ang mahahalagang pagdiriwang gaya ng *Kasal, Bunyag, Haya at Lubong, Sugod Nobenaryo at Pista, Balanse, Ugbok sa Balay, Pustaanay sa Bata, Tigpamugas at Tigpamupo*, at *Panagbo at Pamukad* upang maipreserba at mapahalagahan ang kulturang Oslobanon. Sa pamamagitan nito, mapanatili ang pagkakakilanlan ng kultura ng Oslob.

## LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay naglalayon na makalap at masuri ang iba't ibang ritwal ng pagdiriwang sa munisipalidad ng Oslob probinsiya ng Cebu.

Tinitiyak na masagot sa pananaliksik na ito ang mga sumusunod: *tema; paniniwala (supernatural at panrelihiyon; at epekto sa pamumuhay*.

## MGA KAGAMITAN AT PAMAMARAAN

Upang mas lalong maunawaan ang pagsusuri ng mga paksa ay kinakailangang dumaan ito sa mga susunod na hakbang. Sa bahaging ito, ilalahad ang iba't ibang pamamaraan na ginamit sa pananaliksik.

Ang pananaliksik na ito ay gumagamit ng kuwalitatibong metodo sa paraang *content analysis*. Ito ay paraan ng pagkalap o pagsuri ng datos sa tulong ng pakikipanayam o interbyu. Sa pahayag ni Krippendorff (1989) na,

*“Content analysis is indigenous to communication research... It seeks to analyze data within a specific context in view of the meanings someone-a group or a culture- attributes to them. Communications, messages, and symbols differ from observable events, things, properties, or people in that they inform about something other than themselves; they reveal some properties of their distant producers or carriers, and they have cognitive consequences for their senders, receivers, and the institutions in which their exchange is embedded.”* [3]

Sa tulong ng metodong ito ay naipaliliwanag nang maayos at detalyado ang mga kinakailangang impormasyon na nakuha mula sa pakikipanayam ng mga impormante. Ang mga katanungan sa panayam ay masusing kinalap batay sa mga suliranin ng pananaliksik at winasto ng mga tagapayo ng pag-aaral na ito. Sinusuri ang pagkakagamit ng mga salita ayon sa konteksto ng lugar, sa impormante, sa paniniwala, kultura, sa lipunan at marami pang iba. Ginagamit ang paraang ito upang masuri ang piling ritwal ng mga pagdiriwang ng mga Oslobanon na sumasalamin sa pagpapakilanlan ng kultura sa lugar ng Oslob.

### Pinagmulan ng Datos

Bahagi ng mga Oslobanon ang pagkakaroon ng mahahalagang pagdiriwang. Ilan sa mga pagdiriwang na ito ay ang *Kasal, Bunyag, Haya, Lubong, Sugod Nobenaryo ug Pista, Balanse, Ugbok sa Balay, Pustaanay sa Bata, Tigpamugas at Tigpamupo*, at *Pamukad ug Panagbo* na binigyang tuon sa pananaliksik na ito.

Ang mananaliksik ay pumili ng mga tagapagsalaysay na nakapaglahad ng mga impormasyon tungkol sa mahahalagang pagdiriwang na ito. Ang paghahanap ng mga tagapagsalaysay ay galing sa mga mungkahi ng mga tao o kaya ay random mula sa mga taong napagbuntungan ng mananaliksik. Masusing pinili ng mananaliksik ang mga tagapagsalaysay ayon sa edad na may animnapung taong gulang (60) pataas at sa pitong barangay na kinabibilangan nila. Ang mga barangay na ito ay: Alo, Luka, Tan-awan, Hagdan, Tumalog, Canyang at Calumpang. Ang pagpili ng mga barangay ay nakabatay ayon sa distansiya o layong mga lugar. Bawat tagapagsalaysay sa kanilang barangay ay hiningan ng mga impormasyon tungkol sa bawat pagdiriwang.

Bilang kabuonan, nagkaroon ng pitong tagapagsalaysay mula sa pitong barangay ng Oslob na nakapagbigay ng mga impormasyon tungkol sa sampung mahahalagang pagdiriwang.

### Paraan ng Pagkalap ng Datos

Bahagi ng pagkalap ng mga datos na ito ay ang paghingi ng pahintulot mula sa kinauukulan o *local government unit* ng lungsod ng Oslob at mismong pahintulot ng mga kalahok o tagapagsalaysay. Tinitiyak ng mananaliksik ang kapakanan ng mga kalahok at ang pagkakumpedensiyal ng mga impormasyon. Ang pananaliksik na ito ay sumusuri sa sampung mahahalagang pagdiriwang ng mga Oslobanon ayon sa tatlong hakbang: Tema ng Bawat Pagdiriwang, Paniniwalang Supernatural at Panrelihiyon, at Epekto ng Pamumuhay.

### RESULTA AT PAGTALAKAY

Ang mga ritwal sa bawat pagdiriwang ay may mensaheng nais ipahatid sa mga Oslobanon. Ginagawa ang mga ritwal na ito dahil mayroon itong kahalagahan sa buhay ng mga Oslobanon at bawat ritwal ay may tema kung bakit ito ginagawa.

**Tema.** Ang mga tema ng bawat ritwal at pagdiriwang ng Oslobanon ay masusing sinuri at ang mga ito ay pinangkat ayon sa pagkakatulad at pagkakaugnay ng kahulugan. May apat na pangunahing tema na lumitaw ayon sa pagpapangkat

ng sampung piling ritwal- *relihiyon, pagpapahalaga, bayanihan, at paghahanap-buhay.*

*Relihiyon.* Naging bahagi na ang relihiyon sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Oslobanon at makikita ito sa kanilang mga kaugalian at paniniwala. Ang tatlong piling ritwal- *Kasal, Bunyag, at Sugod Nobenaryo at Pista* ay may kaugnayan sa relihiyon. Ayon kay Bautista [4] na,

*“Catholic spirituality was the main source of symbols, rites, art, architecture, and language for interpreting local life. . .”*

Litaw na litaw ang impluwensiya ng Katolisismo sa mga pagdiriwang o ritwal na ito na naging bahagi ng kaugalian at kultura ng mga Oslobanon.

*Pagpapahalaga.* Malaki ang pagpapahalaga ng mga Pilipino sa kanilang sariling pamilya. Magmula sa pagkasilang ng sanggol at sa huling yugto ng buhay ng tao, makikita at mararamdaman ang pagpapahalaga ng tao sa sariling pamilya at sa komunidad/ pamayanan. Binanggit ni Saito [5] na,

*“This family orientation makes every member develop a feeling of belongingness and sense of safety and security.”*

Ang pagpapahalagang ito ay ipinapakita sa pamamagitan ng pagmamahal sa kapwa kapamilya. Iba’t iba ang pamamaraan ng pagpapahalaga ng isang tao at kadalasan naipapakita ito sa pagmamahal, paggalang, at pagtanggap. Ang ritwal na *Pustaanay sa Bata at Haya* ay naging bahagi na ng pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Oslobanon at ipinagpapatuloy pa rin ang layunin nitong magbigay halaga sa buhay ng tao.

*Bayanihan.* Ang pagtutulungan ay isang katangiang likas ng isang tao. Bilang isang Pilipino, tinatawag itong *bayanihan*. Inilahad ni Marshall [6] na,

*“Many Filipinos cultivate connections through the bayanihan spirit that both solidifies and transcends family bonds connecting them to community and kin.”*

Nagmula ang konsepto ng bayanihan sa sinaunang pagtutulungan ng komunidad sa pagkakarga at pagbubuhay ng kubo upang ilipat sa bagong lugar. Naging maganda ang naidulot ng bayanihan sa pamumuhay ng Oslob. Mula sa dalawang ritwal na inilahad- *Lubong at Ugbok sa Balay*, magkaugnay ang mga tema nito at kakikitaan ng kaugaliang bayanihan. Malinaw na naging bahagi ang kaugaliang ito sa pamumuhay ng mga Oslobanon.

Talahanayan 1. Tema ng Bawat Pagdiriwang

Mga Ritwal/ Pagdiriwang	Tema	Kategorya
a. Kasal	Pagtali sa isa't isa bilang panghabambuhay na desisyon na may basbas ng simbahan	Relihiyon
b. Bunyag	Pagtanggap ng sakramento ng binyag bilang katiyakan sa kaligtasan ng sanggol	
c. Sugod Nobernaryo at Pista	Pasasalamat at pagpupuri sa Mahal na Patron ng kapilya o simbahan	
d. Haya	Paggalang at pagdarasal sa kaluluwa ng taong namatay	Pagpapahalaga
e. Pustaanay sa Bata	Pagbibigay-basbas at pagsalubong ng pamayanan sa bata	
f. Lubong	Pagkakaisa ng pamayanan sa paghahatid ng taong namatay sa libingan	Bayanihan
g. Ugbok sa Balay	Pagkakaroon ng mapayapa, masagana at masayang tahanan sa tulong ng Alayon	
h. Balanse	Pangkabuhayang pinansyal na naidudulot ng tuba	Paghahanap-buhay
i. Pamugas at Pamupo	Kasaganaan ng ani sa kabuoan ng taon	
j. Pamukad at Panagbo	Magandang naidudulot ng pangngisda sa pakikipagkapwa ng mga Oslobanon	

*Paghahanap-buhay.* Ang tao ay may pangangailangan upang mabuhay sa mundong ito kaya ginagawa ang anumang paraan sa paghahanap-buhay. Ito ay ginagawa upang makamit at makuha ang mga gusto at pangangailangan ng isang tao. Nakatutulong ang mga hanapbuhay na ito sa aspetong pampinansyal, at pang-araw-araw na pagkain. Ayon kay Polanyi (1997) na,

“... ‘livelihood’ was central and pointed to the fact that in order to live, people need a material base to satisfy their needs and wants.” [7]

Mula sa tatlong ritwal at pagdiriwang- *balanse, pamugas ug pamupo, at pamukad ug panagbo*, nagdudulot ang mga ito ng kasaganaan sa pang-araw-araw na pamumuhay. Nagpapatunay na ang mga ito ay paraan ng paghahanapbuhay na naging bahagi ng pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Oslobanon.

*Paniniwala.* Ang paniniwala ng mga Oslobanon sa mga pagdiriwang na ito ay maaaring magkapareho sa ibang lugar ngunit mayroon ding paniniwala na sa Oslob lamang makikita at mararanasan.

Ang paniniwala ng mga Oslobanon sa bawat pagdiriwang ay masusing sinuri at ang mga ito ay nabibilang sa dalawang kategorya- *paniniwalang supernatural at ang paniniwalang panrelihiyon.*

Ang *paniniwalang supernatural* ay mga paniniwala na ipinasa pa ng mga ninuno na mahirap ipaliwanag ng agham o siyensya. Ang paniwala ni Wattanagun (2018) na,

*‘Incidents that elicit ravenous supernatural beliefs, however, feature inscrutable aspects that defy scientific explanations.’ [8]*

Ito ay misteryo sa karamihan ngunit patuloy pa rin itong pinaniniwalaan sapagkat naniniwala ang isang tribo o komunidad na magkakatotoo ang mga paniniwalang ito at may dalang magandang epekto sa buhay ng tao. Ilan sa mga paniniwalang ito ang pagkakaroon ng koneksyon sa kalikasan, posisyon ng buwan, petsa ng kalendaryo, kagamitang ginagamit sa pagdiriwang at marami pang iba. Ilan sa mga mitolohiyang pinaniniwalaan ng mga Pilipino noon ay ang mga diyos at diyosa, mabubuti at masasamang espiritu, mga nilalang kagaya ng mga kapre, sirena, engkanto, aswang, tikbalang at marami pang iba. Nagsimula ang mga paniniwalang ito sa paniniwalang may mga kakaibang nilalang na hindi nakikita sa pisikal na mata at ang mga ito ay nakatira rin sa mundong ginagalawan ng tao. Ang mga paniniwalang ito ay ginagawa upang humingi ng basbas o biyaya sa mga tagabantay ng kalikasan at upang hindi rin magambala ang pamumuhay ng mga nilalang na ito.

Ang *paniniwalang panrelihiyon* naman ay mga paniniwalang may kaugnayan sa relihiyon ng komunidad. Ang Oslo, isang lungsod, na karamihan ay Romano Katoliko kaya marami ring paniniwala na naaayon sa Bibliya ng mga Kristiyano. Ipinaliwanag ni Park, et.al (2019) na,

*“Belief in God is thought to generate a deep sense of comfort that may carry through one’s daily life... religious beliefs relate to positive well-being” [9]*

Ang mga paniniwalang ito ay sinusunod at pinaniniwalaan dahil ito ay bahagi ng pagiging Kristiyano na sundin ang mga utos ng Diyos at anumang magandang aral na binanggit ng Bibliya. Maraming mga ritwal na may kinalaman sa relihiyon at magkakaiba ang pamamaraan kung magkaiba rin ang relihiyon. Malaki ang kaibahan sa pamamaraan ng mga ritwal sa relihiyon ng Muslim at sa mga Kristiyano.

## Langahid at Catipay, Kalap-suri sa mga Piling Ritwal Oslobanon

### Talahanayan 2: Mga Paniniwala ng Bawat Ritwal

Mga Ritwal	Paniniwalang Supernatural	Paniniwalang Panrelihiyon
a. Kasal	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagdedepende sa posisyon ng buwan</li> <li>• Pagbabawal sa pagsuot ng buda / 'wedding gown'</li> <li>• Pagtali ng huling sinuot na damit</li> <li>• Pagsalubong at pagbasag ng plato</li> <li>• Pagtapak ng "balani"</li> <li>• Pagsuklay sa bagong kasal</li> <li>• Pagsalubong at paghagis ng bigas</li> <li>• Pagpapainom ng basong may bulaklak at suklay (sisik)</li> <li>• Pagsasayaw sa banig at pagtapon ng pera</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagbabas ng pari at pagkakaroon ng misa               <ul style="list-style-type: none"> <li>- paglagay ng belo o <i>veil</i></li> <li>- pagkabit ng <i>Cord</i></li> <li>- pagsindi ng kandila</li> <li>- pagbigay ng Arras</li> <li>- pagbasbas ng banal na tubig</li> <li>- pag-aalay ng Bibliya</li> </ul> </li> </ul>
b. Bunyag	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Hindi magpapabinyag tuwing Bagong Taon</li> <li>• Paglagay ng mga pusod ng mga magkapatid sa sablayan</li> <li>• Pagbabawal sa pagpasyal ng sanggol sa dahilang baka maengkanto</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagbibinyag sa simbahan               <ul style="list-style-type: none"> <li>- pagligo sa tubig ng Jordan</li> <li>- paglagay ng '<i>lana sagrada</i>' sa noo</li> <li>- pagsindi ng kandila</li> </ul> </li> </ul>
c. Haya	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagbabawal na mga gawain bahay ng pamilyang namatayan</li> <li>• Pagbabawal sa padugtong ng kandila</li> <li>• Pagtapat ng ulo ng patay sa pintuan</li> <li>• Pagbabawal ng manalabtan na magdasal sa ibang patay</li> <li>• Paglagay ng sisiw sa kabaong</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagdarasal ng Patulod, Siyam, Kuwarenta, Huwas</li> <li>• Kumpletong pagdarasal araw-araw</li> </ul>
d. Lubong	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagdaan ng kabaong sa bintana</li> <li>• Pagdaan ng mga kapamilya sa ilalim ng kabaong</li> <li>• Pagputol ng rosaryo at pagbasag ng plato</li> <li>• Pagbabawal na bumisita ng ibang patay</li> <li>• Pagbabawal sa paglagay ng bulaklak na <i>Kadena de Amor</i></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagdarasal ng Pabalon</li> <li>• Pagkakaroon ng misa sa patay</li> <li>• Pagbasbas ng banal na tubig</li> </ul>
e. Sugod Nobernaryo at Pista	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pag-aalay ng alagang hayop sa patron</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagkakaroon ng '<i>Kasaulugan</i>'</li> <li>• Siyam na araw na nobena</li> <li>• Pagpapatugtog ng <i>Gozos</i></li> <li>• Pagkakaroon ng <i>HALOK</i></li> </ul>
f. Balanse	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagtatanim ng niyog tuwing '<i>Hunasan</i>'</li> <li>• Pagtapyas ng '<i>bulok</i>' tuwing Hunasan</li> </ul>	
g. Ugbok sa Balay	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Paglagay ng mahahalagang bagay sa unang haligi ng bahay</li> <li>• Pagdedepende sa posisyon ng buwan</li> <li>• Pagpili ng pares na petsa sa kalendaryo</li> <li>• Pagdadala ng tubig, langis, asin, at bigas sa paglipat</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagdarasal ng pitong gabi (Espiritu Santo)</li> </ul>
h. Pustaanay sa Bata	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagtupad sa pangako ng pagpupusta</li> <li>• Pagtapon ng bulaklak tuwing may eklipse</li> <li>• Pagbabawal sa pagtayo sa pintuan ng bisita sa bahay</li> <li>• Pagbabawal sa pagkain ng saging na magkadikit</li> <li>• Paglagay ng barya, bulaklak at tuba sa baso</li> <li>• Pagbibigay ng basbas at hiling sa bata</li> <li>• Pag-iwas ng mga buntis sa mga 'Wakwak'</li> </ul>	
i. Pamugas at Pamupo	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Paglagay ng mahahalagang bagay sa binhi</li> <li>• Pagdedepende sa posisyon ng buwan sa pagtatanim</li> <li>• Paggawa ng "Pugi"</li> <li>• Pampasuwerte sa masaganang ani</li> <li>• Pagsunod ng direksyon tuwing 'pamupo'</li> <li>• Paghahanda ng mga 'Palihi'</li> </ul>	
j. Pamukad at Panagbo	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagdedepende sa pagtaas ng dagat</li> <li>• Mga palihi sa paggawa ng '<i>bubo</i>'</li> <li>• Pagbabawal sa pagdadala ng pagkain tuwing pamukad</li> <li>• Magandang pakikitungo sa dagat</li> <li>• Pagbalik ng mga buto ng isda sa dagat at pagsambit ng mga orasyon</li> <li>• Pagbigay ng barya tuwing mangingisda</li> </ul>	

Nananatili pa rin ang ilang mga ritwal o pagdiriwang na ito na may maraming paniniwala na napapabilang sa paniniwalang supernatural at paniniwalang panrelihiyon. Nanatili pa rin sa kasalukuyan ang ilang mga paniniwalang ito ngunit karamihan ay unti-unti nang nabubura sa kadahilanang nagbabago ang takbo ng mundo at sa mga pag-unlad na hindi kontrolado. Marami mang pinaniniwalaan ngunit iisa lang din ang hangarin at layunin - ang mapabuti ang kalagayan ng pamumuhay ng mga Oslobanon at nawa ay mapreserba ang mga paniniwalang ito upang mapahalagahan pa ito ng susunod pang mga henerasyon.

**Epekto sa Pamumuhay.** Ang pagsunod ng mga ritwal sa mga pagdiriwang ng mga Oslobanon ay naging bahagi na ng pang-araw-araw na pamumuhay ng lungsod. Sa pagsunod ng mga kaugaliang ito ay nakuha rin ang iba't ibang epekto nito sa pag-uugali, kilos o galaw, pananaw sa buhay, paniniwala, at pakikisama sa komunidad. Ang mga pagbabagong epekto nito ay maaaring negatibo o positibo dulot sa sarili at sa lipunan. Binigyang-pansin ang kahalagahan ng kultura sa paghubog ng iba't ibang gawi sa buhay. Ang paniniwala ng isang etniko, propesyon, relihiyon, at lipunan na may iba't ibang kasanayan at impluwensya ay bahagi rin sa pagbuo ng gawi ng isang tao. Ayon kay Schwartz (1992),

*“...that ethnic, professional, religious, and other groups within society can be exposed to different cultural influences and can develop different value preferences.”*[10]

Natatangi ang pagpapahalaga at gawi ng bawat isa sapagkat nahuhubog ito ayon sa iba't ibang salik. Kabilang rito ang lahi, pamilya, relihiyon, kasarian, politika, at marami pang iba na maaaring makapagpabago sa sarili niyang paniniwala. Sa mga ritwal na sinusunod at pinaniniwalaan ng mga Oslobanon, nabuo rin ang iba't ibang pagpapahalaga at gawi na mula pa sa mga ninuno at hanggang sa kasalukuyan ay naging bahagi ng kaugalian at pagkakakilanlan ng mga Oslobanon.

*Pagtutulungan at Pagkakaisa.* Ang pagtutulungan ng isang komunidad o lipunan ay nagpapahiwatig ng pagkakaisa. Ang pagpapakita ng pagtutulungan at pagkakaisa ay mahalaga sa isang komunidad upang magkaroon ng isang payapang lipunan. Ang pagkakaisa ay nangangailangan ng pangkatan o pangmaramihang pagsisikap, pagsisipag, at pagtitiyaga upang makamit ang iisang hangarin o minimithi. Ang pagtutulungan at pagkakaisa ay likas sa pagiging Pilipino at namamayani ito sa panahon ng kasiyahan at kalungkutan. Sa mga simpleng gawaing bahay at tulong, ipinapakita ang pagkakaisa sa isang pamayanan.

**Talahanayan 3: Epekto ng Pamumuhay**

<b>Mga Ritwal / Pagdiriwang</b>	<b>Epekto sa Pamumuhay</b>
<b><i>Pagtutulungan at Pagkakaisa</i></b>	
Kasal, Binyag, Pista, Haya ug Lubong	- Tampu at Uli
Haya ug Lubong	- Uniyon - Butang
Ugbok sa Balay	- Alayon
Nobenaryo ug Pista	- Turno
<b><i>Pakikisama at Pakikipagkapwa-tao</i></b>	
Pustaanay sa Bata	- Pakikipagkaibigan
Balanse, Pustaanay sa Bata, Panagbo ug Pamukad, Pista, Kasal, Bunyag	- Libangan (tawanan, inuman, laro, sayawan)
Pamukad at Panagbo	- Pagiging mapagbigay - Pagrerespeto at pagmamalasakit sa mga mangingisda
<b><i>Pangkabuhayang Pampinansyal</i></b>	
Balanse	- Pagiging responsable sa pagbabayad ng utang - Balanse
<b><i>Pananampalataya at Relihiyon</i></b>	
Kasal, Bunyag, Nobenaryo at Pista, Haya ug Lubong, Ugbok sa Balay	- Maka-Diyos
<b><i>Pamahiin at mga Palihi</i></b>	
Kasal, Bunyag, Pustaanay sa Bata, Nobenaryo at Pista, Haya at Lubong, Pamugas ug Pamupo, Ugbok sa Balay, Pamukad ug Panagbo	- Mapaniwalain

Ang kaugaliang ito ay masasalamatin din sa mga ritwal at pagdiriwang ng mga Oslobanon gaya ng *Kasal, Bunyag, Nobenaryo ug Pista, Haya ug Lubong at Ugbok sa Balay*. Mula sa mga pagdiriwang ng mga Oslobanon at pagsunod ng mga ritwal, nabuo ang maraming epekto nito sa pamumuhay nila. Makikita ang pagtutulungan at pagkakaisa sa mga pagdiriwang na ito at nabuo ang mga nakasanayang kaugalian na makikita sa Lungsod Oslob. Ang *Tampu at Uli, Uniyon, Butang, Alayon*, at *Turno* ay mga patunay na mga kaugalian na nabuo sa mga pagdiriwang at ritwal ng mga Oslobanon. Mula sa mga kaugalian at nakasanayang tradisyon ay nagpapatunay ito na nagkakaisa at matulungin ang mga Oslobanon.

*Pakikisama at Pakikipagkapwa-tao.* Ang pakikisama at pakikipagkapwa-tawo ay isang

katangian ng mga Pilipino. Inilahad ni Feliciano (1990) na,

*“Pakikisama refers to an interpersonal relationship where people are friendly with each other. To be with someone and to get along with each other indicates basic human friendliness and affinity.”* [11]

Ang mabuting pakikipag-ugnayan sa kapwa ang binibigyang pokus ng katangiang ito. Malakas ang pakikipag-ugnayan at malapit sa isa't isa ang mga Oslobanon. Nagkakaroon ng koneksyon at relasyon ang bawat isa at nabuo ang mga makabuluhang pakikipagkapwa-tao. Ang pagiging bukas sa isipan at puso ay kinakailangan upang magkaroon ng malalimang koneksyon at relasyon ang bawat isa. Ngunit hindi rin madaling makuha ang tiwala ng bawat isa kaya patuloy ang pakikihalubilo upang makamit ang makabuluhan at malalimang pakikisama at pakikipagkapwa-tao. Nakamit ng mga Oslobanon ang isang makabuluhang pakikisama at pakikipagkapwa-tao sa komunidad mula sa pagsunod sa mga ritwal at mga pagdiriwang. Makikita rito ang iba't ibang paraan ng pakikisama at pakikipagkapwa. nagpapatunay na may malalim at malakas na pakikisama at pakikipagkapwa-tao ang mga Oslobanon. Mula sa mga ritwal at pagdiriwang ng mga Oslobanon, ang *pakikipagkaibigan, pakikiisa sa mga libangan, pagiging mapagbigay, at paggalang at pagmamalasakit* ay ilan lamang sa mga patunay na may malalim na koneksyon ang mga Oslobanon. Batay sa kanilang mga interaksyon at pakikihalubilo sa isa't isa, masasabing makabuluhan ang relasyon ng bawat isa at kakikitaan ng isang payapang komunidad.

*Pangkabuhayang Pampinansyal.* Ang pangangailangang pinansyal ay isang mahalagang pangangailangan ng tao sa mundo. Maiugnay ang pinansyal na aspeto sa paghawak ng pera ng isang tao. Malaki ang papel ng pera sa buhay ng tao at nakasalalay ang estado ng buhay ayon sa halaga ng pera na mayroon ang isang tao. Lahat ng ito ay kinakailangan upang magkaroon ng *sustainable livelihood* o pagpapanatili sa pangkabuhayan. At bilang mga Oslobanon, ang balanse ay isang uri ng pangkabuhayang pinansyal na ang pinagmulan nito ay ang produkto ng *Tuba*. Marami ang magandang epektong naidulot ng *Balanse* sa buhay ng mga Oslobanon. Sa simpleng konsepto na may pera o pagkabuhayan sa *Tuba*. Maraming pangyayari ang nagaganap tuwing balanse at ito ay umiikot lahat sa pera. Isa sa epekto ng balanse ay ang pagiging responsable sa pagbabayad ng utang. Ang pagpapautang ay isang kaugalian din ng mga Oslobanon at naging bahagi ito ng pamumuhay nila ngunit sa tuwing bayaran ay kailangang bayaran din ito. Malaki ang naitulong ng *Balanse* sa buhay ng mga Oslobanon lalo na sa mga *manalanggot*.

May pera o pangkabuhayan sa *Tuba* at marami ang mapagkikitaan nito. Sa kasalukuyan, kakaunti na lamang ang gumagawa nito dahil unti-unti na ring nawawala ang mga manalanggot ngunit naging bahagi ito ng kultura sa Oslob.

*Pananampalataya at Maka-Diyos.* Hindi maitatangi na karamihan sa mga ritwal at pagdiriwang ng mga Pilipino ay tungkol sa pananampalataya at pagiging maka-Diyos. Ang Lungsod Oslob ay isang relihiyosong lungsod at karamihan sa populasyon ay Romano Katoliko. Pinapatunayan ito sa mga ritwal at mga pagdiriwang na pumapaksa sa mga panrelihiyon na paniniwala gaya ng Kasal, Binyag, Haya at Libing, Ugbok sa Balay, at Nobenaryo at Pista. Maraming tradisyon at kaugalian na nagmula at nabuo sa pananampalataya. Makikita ang pagiging maka-Diyos sa pagsunod, paniniwala, at pag-uugnay ng mga ritwal sa mga aral ng Banal na Kasulatan o sa Bibliya. Malaking bahagi ang pananampalataya sa buhay ng mga Oslobanon at sa paggawa ng mga ritwal. Ang pagkakaroon ng misa sa mga pagdiriwang at bahagi ng ritwal ay nagpapatunay na may malaking impluwensya ang Katolisismo sa buhay ng mga Pilipino.

*Pamahiin at Palihi.* Ang pamahiin at mga palihi ay mga paniniwala ng Pilipino upang makuha at makamit ang ninanais ng isang tao. Malawak ang impluwensya ng mga pamahiin ngunit magkaiba rin ito sa ibang lugar. Mahalaga rin ang paniniwala ng mga pamahiin at mga palihi dahil ito ay bahagi ng pagkakakilanlan ng kultura at upang magkaroon ng malawak na pang-unawa sa lipunan. Bawat lugar ay may mga paniniwala at mga pamahiin tungkol sa mga bagay-bagay at kabilang na roon ang bansang Pilipinas lalo na ang Kabisayaan. Ang mga ritwal at mga pagdiriwang ng Oslobanon ay maraming pinaniniwalaang pamahiin at mga palihi kaya nagpapatunay ito na ang mga Oslobanon ay mapaniwalain. Inilahad na ang mga kahulugan at simbolismo ng mga paniniwalang ito at patuloy pa ring itong sinusunod at pinaniniwalaan. Ang pagiging mapaniwalain ay nasa puso at isipan ng mga Oslobanon. Kung anoman ang pinaniniwalaan, ito ay mangyayari sa totoong buhay. Sa pagiging mapaniwalain ay kailangan din ang pananalig na magkatotoo ang mga pamahiin at mga palihi. Kapag ginagawa ang mga pamahiin at palihi, dapat may pananalig at pag-iwas sa mga pagdududa. Ang mga paniniwala sa pamahiin at palihi ay patuloy pa ring ipinapasa ng mga nakatatanda sa mga nakababatang henerasyon. Ito ay nagpapatunay na may magandang epekto sa buhay ng mga Oslobanon ang mga paniniwalang ito.

Iba-iba man ang epekto sa buhay ng mga paniniwalang ito sa mga Oslobanon ngunit nakadepende pa rin ito sa pagkakaunawa at pagtanggap ng komunidad o lipunan. Maraming mabuting pagpapahalaga at gawi na nakukuha sa mga ritwal na ang tanging layunin nito ay ang pagkakaroon ng mapayapang komunidad. Ilan sa mabubuting epekto ng mga ritwal at pagdiriwang ay ang *pagtutulungan at pagkakaisa, pakikisama at pakikipagkapwa-tao, pangkabuhayang pampinansyal, pananampalataya at maka-Diyos, at ang mapaniwalain sa mga pamahin at palihi*. Maging positibo man o negatibo ang epekto nito sa pamumuhay, naging bahagi pa rin ito ng tradisyon, kultura at pagkakakilanlan ng mga Oslobanon.

#### KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Pagkatapos nang masinsinan at masusing pag-aanalisa, pag-aaral, at pagbibigay ng interpretasyon sa mga datos na nakolekta, ang sumusunod ay natuklasan sa mga sinuring mga piling ritwal ng mga Oslobanon. Una, ang sampung ritwal o pagdiriwang ng mga Oslobanon ay may magkakatulad at magkakaugnay na mga tema at napapabilang ang mga ito sa apat na kategorya - relihiyon, pagpapahalaga, bayanihan, at paghahanap-buhay. Ikalawa, nananatili ang paniniwalang supernatural at panrelihiyon sa mga piling ritwal at mga pagdiriwang ng mga Oslobanon na sumasalamin sa pagkakakilanlan at pagiging mapaniwalain ng mga Oslobanon. Ikatlo, maraming epekto sa pamumuhay ang naidudulot ng mga ritwal o pagdiriwang sa buhay ng mga Oslobanon. Kabilang na rito ang pagtutulungan at pagkakaisa, pakikisama at pakikipagkapwa-tao, pangkabuhayang pampinansyal, pananampalataya at relihiyon, pamahin at mga palihi.

Ang pag-aaral na ito ay nagnanais na makatulong sa pamamagitan ng mga rekomendasyon batay sa mga natuklasan at nabuong kongklusyon.

- Likumin ang iba pang mga pagdiriwang at mga kaparaanan ng ibang barangay ng Oslob na hindi nabanggit sa pananaliksik at gawin ang sariling pag-aaral.
- Alamin ang epekto ng mga pamahain at palihi sa mga katabataan sa kasalukuyan at ihambing ito sa epekto ng mga nakatatanda.
- Pag-aralan ang dahilan ng pagkawala o pagkalimot ng ilang mga ritwal at magbigay ng solusyon upang maipagpatuloy pa ito sa susunod na henerasyon.

- Magsagawa ang mga lokal na pamahalaan o LGU ng mga hakbangin upang maipagpatuloy pa ang mga nakaugaliang mga pagdiriwang ng Oslob nang mapreserba ang sariling pagpapakilanlan ng mga Oslobanon.

#### SANGGUNIAN

- [1] Joaquin, N. (2004). *Culture and history*. Anvil Publishing Incorporated.
- [2] Gerschwiler, P. (2009). *Bolhoon: A cultural sketch*. Sam Printing Press.
- [3] Krippendorff, K. (1989). *Content analysis*. In E. Barnouw, G. Gerbner, W. Schramm, T. L. Worth, & L. Gross (Eds.), *International encyclopedia of communication*.
- [4] Bautista, I. (2001). *A survey of early mission work: Focus on the American Baptist experience from 1899-1935 (Conversion to Protestant Christianity Under Early American Rule)*. Institute for Studies in Asian Church and Culture.
- [5] Saito, I. et al (2010). *Filipino personality traits and values for social support: OFW as human resources for work life balance in Japan*. Rissho University Institutional Repository.
- [6] Marshall, A. (2015). *Stories of bayanihan and belonging: Filipinos in Manitoba, Part 2*. Manitoba History, no. 77, (pp. 13–22)
- [7] Polanyi, K., (1997) (edited by H.W. Pearson). *The livelihood of man*. Academic Press.
- [8] Wattanagun, K. (2018). *The phenomenology of supernatural belief: The ravenous spirit (phii pob) Belief tradition in contemporary Northeast Thailand*. Asian Ethnology.
- [9] Park, C.L., & Shanmukh, V. K. (2019). *Relations of religious beliefs with distress and well-being among Hindu college students*. Mental Health, Religion & Culture, vol. 23, no. 10, (pp. 902–911)
- [10] Schwartz, S.H. (1992). *Universals in the content and structure of values: Theory and empirical tests in 20 countries*. In *Advances in Experimental Social Psychology*; Zanna, M., Ed.; Academic Press: New York, NY, USA. 25, ( 1–65).
- [11] Feliciano, E.M. (1990). *Filipino values and our Christian faith*. OMF Literature.

#### COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).